Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA 38 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 02 OKTUBRE 2000, 9:15 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN

Present:

Konsehal Jesus S. Dela Cruz - Pansamantalang Tagapangulo
Konsehal Cesar T. Daticos
Konsehal Romil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Mae Arlene M. Tulens
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Eduardo G. Villamin - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Randy P. Valencia - Pangulo, Liga ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadlo : WALA

RESOLUTION NO. 105
Series of 2000

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY PROVINCIAL ENGINEER ELMER DILAY NA MADALIIN ANG PAGKOKONGKRETO NG DAANG SAN AQUILINO – ODIONG – PACLASAN BEACH ROAD SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga lansangan at mga daan ay mahalagang paktor at tulong pangkaunlaran sa isang pamayanan kung kaya't ang kaayusan nito para sa patuloy na serbisyo ay dapat mapanatili at maipagpatuloy ng mga kinauukulan;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan, ang mga lansangan sa bayan ng Roxas, lalo na ang mga daang panlalawigan ay maraming bahagi na ang sira lalo na ang nagmumula sa barangay San Aquilino patungong Barangay Paclasan;

SAPAGKA'T dahilan sa kasiraan ng mga bahagi ng lansangang ito, maraming aksidente ang nangyayari at nagiging panganib sa buhay at pag-aari ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang mga motorista ay nagpaabot na rin ng kanilang reklamo sa mga namumuno ng barangay at ng bayang ito dahilan sa nasisira ang kanilang mga sasakyan, nababawasan ang kanilang kinikita at nalalagay sa kapahamakan ang kanilang buhay at mga pasahero;

SAPAGKA'T ang ganitong kalagayan ay mapitagang ipinoobhot sa mga kinauukulan lalo na sa pamahalalang panlalawigan ng Silangang Mindoro upang mabigyan ng maagap na pag-aksyon, lalo pa nga't ang nasabing proyokto ay nai-bid na ng nakaraang mga buwan;

SAPAGKA'T ang panahon ng tag-ulan at tag-bagyo ay nararamdaman na kung kaya't ang pagko-kongreto sa nasabing daan ay lubhang kailangan para na rin sa ikabubuti at kapakinabangan lalo na ng mga mamamayan ng Roxas, Silangang Mindoro

DAHIL DITO sa mungkahi nina Kon. Juanito A. Bucoy, Jr. at Konsehal Eduardo C. Villamin na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang hilingin kay Engr. Elmer Dilay na madaliin ang pagko-kongreto ng daang San Aquilino – Odiong – Paclasan Beach Road matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan sa serbisyong ito bilang suporta sa pang-ekonomiyang kaunlaran ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Engr. Elmer Dilay, Provincial Engineer ng Silangang Mindoro para sa kanyang kaalaman at maagap na pag-aksyon

PINAGTIBAY ng lahat : 02 Oktubre 2000

PINATUTUNAYANG WASTO:

VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

JESUS S. DELA CRUZ
SB Member
Pansamantalang Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan
OIC Punong Bayan

merz/